4 Serbisyong medikal

Para lumaki nang malusog ang bata, may bakuna at medical checkup para sa sanggol. Tingnan ng mabuti ang mga paalala at patalastas galing sa tanggapan ng munisipyo.

4-1 Medical checkup para sa sanggol (pang-grupong medikal checkup)

May ginagawang medical exam sa proseso at progreso ng paglaki, pagsukat ng taas at timbang at konsultasyon para sa mga sanggol at bata sa edad na 3~4 na buwan, 8~10 buwan, 1 taon at kalahati, at 3 taong gulang. Dahil magkakaiba ang paraan ng pagpapatupad nito ayon sa munisipyo, makipag-ugnayan at tiyakin ang impormasyon sa pinakamalapit na health center.

4-2 Bakuna

Ang bakuna ay injeksyon na nagtutulong para maiwasan ang impeksyon at sakit, mabawasan ang sintomas, at para maiwasan ang paglala ng sakit. Ang bakuna ang siya ring ginagamit para maiwasan ang nakakahawang sakit, atbp.

Ayon sa batas tungkol sa bakuna, maaaring bigyan ng bakuna na walang bayad. Upang hindi magkasakit, mahalagang magpabakuna.

Kapag may hindi maintindihan o may mga pag-alala, makipagkonsulta sa inyong duktor, sa tanggapan ng munisipyo, o sa health center.

4-3 Halimbawa ng pagsagot ng gastos sa pagpapagamot

30% lamang ng gagastusin sa pagpapagamot ang babayaran kung miyembro ng health insurance plan, ngunit 20% naman ang kailangang bayaran para sa mga batang hindi pa pumapasok sa mababang paaralan (hanggang sa sunod na Marso 31 matapos naging 6 na taong gulang). At para naman sa medikal na gastos ng mga sanggol, may mga samahan na nagbibigay ng kani-kanilang sistema ng pagsusuporta para dito.